



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Abril 20, 2022

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann, 415.760.0285 o sa [rborrmann@baaqmd.gov](mailto:rborrmann@baaqmd.gov)

### **Distrito ng Hangin, nilalayong ipasara ang mga generator ng diesel sa mga pasilidad para sa cannabis ng Green Sage sa Oakland**

*Ipapasara ng kautusan ang mga generator ng diesel, na poprotekta sa kalusugan ng lokal na komunidad*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area sa araw na ito na hihilingin nito sa hiwalay na Lupon para sa Pagdinig ng ahensya na maglabas ng kautusan sa abatement para maipasara ang siyam na generator ng diesel sa mga pasilidad para sa cannabis ng Green Sage sa East Oakland.

Binigyan ng Distrito ng Hangin ng Abiso sa Paglabag ang Green Sage noong Pebrero 16, 2022, para sa pagpapatakbo nang walang permit. Nilalayan ng Distrito ng Hangin na ipasara ang mga generator ng diesel ng Green Sage para sa tuluy-tuloy nitong paglabag sa kanilang mga pasilidad sa Oakland Tinnery at Oakland Cannery.

“Umaaksyon ang Distrito ng Hangin para mapigilan ang mga nasabing walang permit at mapanganib na emisyon ng diesel mula sa mga generator ng Green Sage,” sabi ni Damian Breen, ang senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng pagpapatakbo/pagpapatupad sa Distrito ng Hangin. “Mas matindi ang polusyon ng hangin sa East Oakland kaysa sa iba pang bahagi ng Bay Area, kaya makakatulong ang pag-apruba sa kautusan sa abatement na protektahan ang mga lokal na residente at ang komunidad.”

“Nararapat lang na maging transparent sa publiko, malaman ang kanilang saloobin, at masiguro sa kanilang mananagot ang mga pasilidad para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin,” sabi ni Veronica Eady, ang senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng patakaran at pagkakapantay-pantay sa Distrito ng Hangin. “Hinihikayat ng Distrito ng Hangin ang publiko, lalo na ang mga residente ng East Oakland, na makibahagi at magkomento sa Lupon para sa Pagdinig habang pinagsisikapan naming papanagutin ang Green Sage at pigilan ang mga mapanganib na emisyon ito sa isang komunidad na lubos nang naapektuhan ng polusyon sa hangin.”

Kung aaprubahan ng Lupon para sa Pagdinig ang kautusan sa abatement, aatasan ang Green Sage na ipasara kaagad ang mga generator ng diesel.

Sa pamamagitan ng mga kautusan sa abatement at kasong idinudulog sa Lupon para sa Pagdinig, nabibigyang-daan ang transparency, dahil inilalahad ang mga detalye at ebidensya sa isang open forum habang binibigyan ng pagkakataon ang publiko na makibahagi. Hinihikayat ang publiko na

makibahagi at magkomento sa oras na ilahad ang iminumungkahing kautusan sa abatement sa Lupon para sa Pagdinig. Kapag naiskedyul na ang pagdinig, magpo-post ng link sa website ng Distrito ng Hangin sa [www.baaqmd.gov](http://www.baaqmd.gov). Puwede ring mag-sign up ang publiko para sa mga update sa Lupon para sa Pagdinig sa <https://www.baaqmd.gov/contact-us/sign-up-for-information>.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)